# Balitang Manmin

BILANG 117 OKTUBRE 5, 2014


# "Gisingin ng Salita at Kapangyarihan ang Mga Kaluluwang Natutulog!"

## Hinahangad ng mga lalaking lider ng iglesya ang kaharian at kabanalan ng Diyos



Noong Agosto 24, 2014, nagsama-sama ang mga lider ng distrito, mga lider ng mga lugar na sakop nito, at mga lider ng samahan ng maliliit na grupo. (Kaliwa, itaas, mga lider ng distrito; kanan, itaas, mga lider ng mga lugar na sakop nito; sa ibaba, mga lider ng maliliit na grupo)

Ang Manmin Central Church ay lumalago sa pamamagitan ng dalawang mahalagang programa: pagmimisyon (mga grupo o pangkat ayon sa edad) at ang iglesya (mga grupo o pangkat ayon sa lugar). Ang programa ng iglesya ay binubuo ng tatlong malalaking iglesya. Bawat isa sa kanila ay nahahati sa malalaking iglesya, mga parokya, mga distrito at mga lugar na sakop nito, at panghuli, mga pinakamaliliit na grupo (cell groups).

Sa taong ito, 2014, muling humugot ng lakas mula sa Salita ng Diyos ang mga bagong lider, mga kalalakihan ng mga distrito at mga lugar na sakop nito, at ang samahan ng mga lider ng maliliit na grupo. Dahil batid nila na matutupad nila ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan Niya, nagiging tapat sila sa Salita at sa pananalangin para mapabanal (1 Mga Taga-Corinto 4:20).

Tuwing Linggo, sama-sama nilang pinag-aaralan ang Salita ng Diyos – mga lider ng distrito pagkatapos ng pagsamba sa umaga; mga lider ng mga lugar na sakop nito tuwing ika-8:30 ng umaga; at mga lider ng cell tuwing ika-7:30 ng gabi. Maayos at may sistema ang pag-aaral nila ng serye ng mga sermon tulad ng 'The Message of the Cross', 'The Love Chapter', 'Nine Fruits of the Holy Spirit', at 'Beatitudes'. Maalab din silang nananalangin sa pulong-panalanging Daniel.

Dahil dito, bumubuti ang kakayahan nila sa paggabay sa ibang miyembro sa mga pangangailangang espirituwal at sa pagpapabilis ng paglago ng espiritu. Nagsasanay na din sila sa pangangaral sa mga pagsamba at pangangalaga sa mga miyembro nang may espirituwal na pagmamahal. Dahil pinasiglang muli ang pagsamba ng mga kalalakihan sa maliliit na grupo, mas napuspos sila ng Banal na Espiritu.

Sinabi ng lider ng cell na si Diakono Yihee Song, 56 taong gulang, "Pagod na ang katawan at isipan ko dahil sa hepatitis B nang dalhin ako sa Manmin, gumaling ako dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Lubos akong nagpasalamat sa pagpapala ng Diyos kaya masigasig akong nangaral ng ebanghelyo at ngayon naglilingkod ako bilang lider ng cell na may mainit na pagmamahal sa mga kaluluwa."

Ayon kay Elder Jaekun Lee, lider ng isang distrito, 48 taong gulang, "May kinalaman sa damit at iba pang kasuotan ang negosyo ko. Pansamantalang humina ang kinita ko dahil sa pagsunod ko sa daang nais ng Diyos. Pero tiyak na ibibigay din Niya sa atin ang pinakamabuti sa bandang huli. Naranasan ko ito at dahil sa mga biyaya Niya, nadagdagan din ang ikapu na ibinibigay ko."

Sinabi ni Elder Nakhong Yim, lider ng distrito, 47 taong gulang, "Nadama ko ang habag para sa mga kaluluwa habang naglilingkod ako bilang isang lider ng distrito sa loob ng ilang taon. Natutuhan ko din ang espirituwal na pag-ibig, minamahal ko na ngayon ang mas maraming tao at bukas na ang kalooban ko."

Ang presidente ng samahan ng mga lider ng distrito na si Elder Hongki Park, 55 taong gulang, ay gumaling mula sa 'pollution disease' (karamdaman na sanhi ng maruming kapaligiran) dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Malusog na siya ngayon. Siya ay kasalukuyang tagapayo ng Fair Trade sa Lee & Ko Law Firm. Sinabi niya, "Mayroong 44 na lalaking lider ng distrito. Ang isang lider ay nakikipagtulungan sa dalawa o tatlong lugar na nasa ilalim ng distrito niya at pito hanggang siyam na lider ng maliliit na grupo. Tinutulungan namin ang mga miyembrong kalalakihan na mapagtagumpayan ang mundong punung-puno ng kasalanan, maging ilaw at asin sa mundo, at makatanggap ng mga biyaya sa espiritu at katawan sa pamamagitan ng mga pagsamba ng cell, mga pulong ng iglesya, o personal na pagpapayo. Nagsisikap kami para muling sumigla at lumakas ang iglesya."

Sinabi ni Elder Hangcheol Shin, 55 taong gulang, pangulo ng samahan ng distrito at Choongang Brain CEO, "Nagsisikap kami para maihatid sa ibang tao ang pag-ibig na tinanggap namin mula sa Diyos, sa Panginoon, at sa pastol. Gusto naming malugod ang Diyos sa muling pagpapasigla ng parokya."

Ayon kay Elder Enoch S. Lee, 47 taong gulang, pangulo ng samahan ng mga lider ng maliliit na grupo, at namamahalang direktor ng Translation Bureau ng iglesya, "Kaming mga lider ng maliliit na grupo ay mayroong kampanya ng muling pagpapasigla na nagsimula noong Agosto 25 at magpapatuloy hanggang Setyembre 27. Ang layunin nito ay para manatili kaming puspos ng Espiritu at mapangalagaan ang mga kaluluwa. Titiyakin naming marami kaming maisasama sa pagpasok sa Bagong Jerusalem sa pag-asa namin sa kapangyarihan ng dugo ng Panginoon."

Nagsisikap maging tapat ang mga lalaking lider sa lahat ng aspeto – trabaho, iglesya, at pamilya. Ito ay nakakapagdala ng maraming kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan, at tumutulong sa mga ligtas na para lumago sa pananampalataya. Pinapalaki nito ang kaharian ng Diyos at itinatatag ang pagsisimula ng mga parokya sa buong mundo.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Siya na Pinupuri ng Panginoon

"Sapagkat hindi ang pumupuri sa kanyang sarili ang tinatanggap, kundi siya na pinupuri ng Panginoon."
(2 Mga Taga-Corinto 10:18)

Pinupuri ng Diyos ang mga nagbibigay ng mabangong samyo ni Cristo at may banal na kalooban.

Kakaunti ang mga talata sa Biblia kung saan pinuri ni Jesus ang mga tao. May mga pagkakataong pumuri Siya ng ilan, sinasabing, 'Isang mabuting bagay ang ginawa niya sa Akin' o 'Ang ginawa ng babaing ito ay sasabihin sa pag-alaala sa kanya' (Marcos 14:6, 9), sa halip na tahasan ang gawing pagpuri. Sa ganitong paraan, ipinaalam Niya kung anong klaseng tao ang kinalulugdan ng Diyos, gagawin nila ang ginagawa nito. Pag-aralan natin kung ano ang dapat nating gawin para tumanggap ng papuri mula sa Panginoon.

### 1. Gawin natin ang dapat gawin

#### 1) Dapat tayong maging masigasig sa pagtatayo ng altar para Diyos

Sa Biblia, nakipagtagpo ang mga tao sa Diyos, masigasig silang nagtayo ng mga altar para magpatuloy ang pakikipag-ugnayan sa Kanya. Sa panahon ngayon, ang kahulugan ng 'magtayo ng altar para sa Diyos' ay pagdalo sa iglesya na siyang katawan ng Panginoon at paghahandog ng mga pagsamba. Kasama rin dito ang paghahandog nang may pagpapasalamat, pakikinig ng Salita ng Diyos, at pagsasapuso nito. Hindi lang natin pakinggan ang Salita, gagawin natin itong espirituwal na pagkain ng buhay. Dapat natin itong sundin. Ito ay pagsamba sa espiritu at katotohanan. Malulugod ang Diyos at bibigyan tayo ng mga biyaya kung ganito ang pagsambang ihahandog natin sa Kanya.

#### 2) Dapat tayong maghandog ng panalanging katanggap-tanggap sa Diyos

Dapat tayong maghandog ng panalanging katanggap-tanggap sa Diyos para maging masagana ang ating mga kaluluwa at makapasok sa Langit. Tatanggapin natin ang pagpapala ng Diyos at ang kalakasan at kapuspusan ng Banal na Espiritu sa panalanging tulad nito. Pagkatapos, maiwawaksi na natin ang mga kasamaan at makalaman na saloobin para mapalitan ito ng katotohanan. Pwede na tayong magkaroon ng totoo at espirituwal na pagkatao; kaya sasagana ang mga kaluluwa natin, bubuti ang lahat ng bagay, at tatamasa tayo ng kalusugan.

Samakatwid, huwag tayong huminto sa pananalangin, lumuhod tayo at tumangis nang buong puso gaya ng ginawa ni Jesus. Huwag tayong manalangin ng paulit-ulit at walang kabuluhan kundi manalangin ng may pananampalataya at pag-ibig. Tatanggapin ito ng Diyos ng may kagalakan at bibigyan Niya tayo ng mga biyaya.

#### 3) Dapat may pananampalataya tayo na karapat-dapat tumanggap ng kasagutan

Lumapit ang isang senturiong Romano kay Jesus at hiniling sa Kanya na pagalingin ang kanyang alipin na nakaratay at lumpo (Mateo 8). Sinabi ni Jesus na pupuntahan Niya ito at pagagalingin. Pero nagpakita ng pananampalataya ang senturion, at sinabing, "Panginoon, hindi ako karapat-dapat sa Iyo na puntahan Mo ang aking bahay, ngunit sabihin Mo lamang ang salita at gagaling ang aking alipin." Namangha si Jesus sa pananampalataya niya at pagpapakumbaba, pinuri Niya ito, sinabing, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, kahit sa Israel man ay hindi Ako nakatagpo ng ganito kalaking pananampalataya."

Gayon pa man, ang espirituwal na pananampalataya tulad nito ay hindi ibibigay dahil hiniling ninyo. Ibibigay ng Diyos ang ganitong klaseng pananampalataya kung magpapakabuti kayo at isasabuhay ang Salita.

Dahil may mabuting kalooban ang senturion, pinagtiwalaan niya ang pagkilos ni Jesus ayon sa mga nakita at narinig niya. Pinupuri ng Diyos ang mga taong nagtitiwala sa Kanya at hindi nag-aalinlangan. Kumikilos Siya ayon sa kanilang pananampalataya.

#### 4) Dapat tayong magpakababa sa harapan ng Diyos

Sa Marcos 7, may lumapit kay Jesus na isang babaing Sirofenisa at hiniling na palayasin ang demonyo na sumapi sa anak niyang babae. Pero sinabi ni Jesus, "Hayaan mo munang mapakain ang mga anak sapagkat hindi marapat na kunin ang tinapay ng mga anak at ihagis ito sa mga aso."

Hindi nagalit ang babae, ni hindi sumama ang loob niya kay Jesus kahit parang tinukoy siyang isang aso. Sa halip, nagpakumbaba siya at sinabing, "Panginoon, kahit na ang mga aso sa ilalim ng hapag ay kumakain ng mga nalaglag na pagkain ng mga anak."

Naantig ang damdamin ni Jesus sa pananampalataya at pagpapakumbaba nito, pinalayas Niya ang demonyo mula sa anak nitong babae. Dapat din tayong humiling sa harapan ng Diyos nang may pagpapakumbaba.

#### 5) Dapat tayong maghasik nang may pananampalataya

Ang paghahasik ng may pananampalataya ay ipinapalagay na kabanalan. Kapag ginagawa natin ito, pinupuri at binibiyayaan tayo ng Diyos. Kung gusto ninyong maging mayaman, yayaman kayo sa paghahasik ng inyong pananalapi ayon sa kautusan ng paghahasik at pag-aani. Ibig sabihin, ang ikapu at ang mga handog bilang pagpapasalamat ay may kaugnayan sa kautusan.

Ang mga handog natin para sa Diyos ay ginagamit para palawakin ang kaharian ng Diyos – para sa kaligtasan ng mga kaluluwa, pagtatayo ng mga santuwaryo, pagmimisyon, kawanggawa, at iba pa. Sa pagbibigay natin ng handog, ipinapakita natin ang pag-ibig natin para sa Diyos. Tatanggapin Niya ito nang may kagalakan, at bibigyan Niya tayo ng higit sa 30, 60, o 100 ulit. Kaya dapat tayong maghandog nang may kagalakan, pananampalataya at pag-ibig. Hindi mabigat ang kalooban o napipilitan.

#### 6) Dapat tayong magtiwala at umasa sa Diyos sa kahit anong mangyari

Dahil umasa si David sa Diyos kahit anong mangyari, ginabayan siya nito kaya naiwasan niya ang maraming paghihirap.

Minamahal ng Diyos ang mga anak na nagtitiwala at umaasa sa Kanya sa kahit na anong situwasyon. Hindi Niya tayo pwedeng tulungan kung aasa tayo sa mundo o sa sariling kaalaman, kahit tinatawag pa nating Ama ang Diyos.

Kung nabubuhay tayo ayon sa katotohanan, lumalaki ang pagtitiwala natin sa Diyos at napupuri tayo ng Panginoon. Hinihimok ko kayo na humiling kayo sa Diyos, maghintay sa Kanyang mga sagot para tanggapin ito. Umaasa ako na hihilingin ninyo ang gabay Niya sa lahat ng oras.

#### 7) Dapat nating sundin ang Salita ng Diyos

Dahil sinabi sa atin ng Diyos na magalak palagi at magpasalamat sa lahat ng bagay (1 Mga Taga-Tesalonica 5:16, 18), dapat nating gawin ito kahit ano pa ang mangyari. Kung isasapuso natin ang Salita at susundin ito, sasamahan tayo ng Diyos. Pinapasunod Niya tayo hanggang sa abot ng ating makakaya, at ginagabayan Niya tayo ayon sa sukat ng pananampalataya natin.

Kapag susundin natin Siya kahit sa maliliit na bagay, pwedeng iparanas Niya sa atin ang pagkilos Niya, at dahan-dahan Niyang palalaguin ang espirituwal na pananampalataya natin. Pagkatapos, makakagawa na tayo ng mas malalaking bagay kapag iniutos Niya.

### 2. Dapat nating ipako sa krus ang laman kasama ng mga pagnanasa at kahalayan nito

Dapat nating ipako sa krus ang laman kasama ang mga pagnanasa at kahalayan nito. Ituturing ng Diyos na makatarungan kung gagawin natin ito, pupurihin Niya tayo. Gaya ng sinasabi ng Galacia 5:24, "At ipinako sa krus ng mga na kay Cristo Jesus ang laman na kasama ang masasamang pagnanasa at kahalayan nito," iwaksi natin ang mga ito, wala itong ipinag-iba sa kasalanan.

Nagkaroon ng malaking pagsubok si David dahil inagaw niya ang asawa ng tauhan niya dahil sa pagnanasa ng mata. Sinadya pa niyang mapatay ang tauhang ito sa labanan. Nagnakaw si Acan ng kapa, ginto at pilak dahil sa kasibaan niya. At sa bandang huli, siya at ang pamilya niya ay binato hanggang sa mamatay. Dahil sa kasalanan niya, natalo ang mga Israelita sa labanan sa lunsod ng Ai. Sa kabilang banda, binigyang lugod ang Diyos ni Haring Asa sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga kahalayan at pagnanasa; tinanggal niya sa pagiging reyna ang kanyang ina dahil sumamba ito sa mga diyus-diyosan.

Para magawa ang kalooban ng Diyos, dapat nating iwasan ang makalaman na pagnanasa at kahalayan. Magkaroon tayo ng pananampalataya na hindi nakikipagkasundo sa mundo. Pagkatapos, panatilihin ang pananampalataya. Ito ang paraan kung paano mapupuri ng Panginoon: gawin ninyo ang dapat gawin, at iwaksi ang bawat isang makalaman na pagnanasa at kahalayan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, isinasabuhay ba ninyo ang Salita ng Diyos bilang mga anak Niya? Kung naglilingkod kayo sa Diyos at karapat-dapat purihin ng Panginoon, tatanggap kayo ng mga kasagutan mula sa Diyos, gagaling kayo mula sa kahit na anong karamdaman, at makakasama Niya sa lahat ng oras. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tanggapin nawa kayo ng Diyos at kamtin ang papuri ng Panginoon.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Pagsusuri sa Pamamagitan ng Tatlong Aspeto para Makamit ang Layunin sa Pananampalataya

Ano ang layunin ng buhay ninyo bilang Cristiano? Kung totoo ang pagmamahal ninyo sa Panginoon, ito marahil ay ang tularan ang magandang kalooban Niya at makapasok sa Bagong Jerusalem. Suriin ninyo kung sumusulong kayo patungo sa layunin ninyo sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na mga tanong:

## 1. Nagpapatuloy ba kayo at hindi nagbabago sa pagsisikap na makamit ang layunin ninyo?

Habang sumusulong sa inyong layunin, maaaring iniisip ninyo kung tamang daan ang tinatahak ninyo. Ipagpalagay nating tumatakbo kayo sa isang marathon. Sa simula, nakatuon kayo sa dulo ng takbuhan pero kung mawawala ang atensyon ninyo doon sa kalagitnaan ng takbuhan, mahihirapan kayong manalo sa karera.

Sa pagtakbo natin sa espirituwal na takbuhan, kung mawawala ang atensyon natin at malilihis ng landas, hindi natin mararating nang mabilis ang layunin natin. Dapat tayong tumingin, makinig, at mag-isip ng mga bagay na espirituwal at magkaroon ng matatag na determinasyon. Sa madaling salita, mag-aral tayo ng Salita ng Diyos, makinig ng mga sermon, at manalangin sa iglesya sa halip na manood ng tv, at maghanap ng sariling pagsisiya, o makamundong kagalakan.

Maaaring itinakda na ninyo ang inyong layuning espirituwal, at sinasabing patungo kayo doon. Pero suriin ninyo ngayon kung hindi nalihis ang atensyon ninyo mula sa mga espirituwal na bagay patungo sa makamundong aliwan at mga kaibigan. Dapat ninyong palaging suriin ito dahil magmula noong nagkasala si Adan hindi humihinto ang kaaway na diyablo at Satanas sa pagsisikap na tuksuhin ang mga tao na sunggaban ang mga makamundong bagay.

Dinadala nila ang mga tao sa pag-iisip ng mga makamundong bagay, samantalang sinasabi ng Diyos, “Ituon ninyo ang inyong pag-iisip sa mga bagay na nasa itaas, na kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan ng Diyos” (Colosas 3:2).

Kaya, dapat ninyong suriin kung mas nakatuon kayo sa pera, kasikatan, kapangyarihan, makamundong kasiyahan, mga relasyon sa babae o lalaki. O kung mas nasisiyahan kayo na makisama sa mga makamundong tao kaysa sa mga kapatid sa iglesya at kung umaasa kayo sa mundo kaysa sa Diyos. Suriin ulit ninyo.

## 2. Ipinagpapatuloy ba ninyo ang pagtangis habang nananalangin?

Kahit pagsikapan ninyong tuparin ang layunin ninyo, pero hindi naman maalab ang inyong pananalangin, hindi kayo magkakaroon ng lakas para gawin ito. Kahit pinagsisikapan ninyong punuin ang isipan ninyo ng kaalaman tungkol sa katotohanan, pero kung hindi naman kayo tumatangis sa pananalangin, hindi kayo mapupuspos ng Banal na Espiritu. Ito ang nagiging dahilan ng walang ibinubunga.

Mailalagay natin sa puso natin ang Salitang nadinig at mapagbubunga natin ito ng 30, 60, o 100 beses sa pamamagitan ng panalangin. Maraming beses binanggit sa Biblia ang kahalagahan ng pananalangin. Halimbawa, sinasabi ng 1 Mga Taga-Tesalonica 5:17, “Manalangin kayong walang patid” at sa 1 Pedro 4:7, “Ngunit ang wakas ng lahat ng mga bagay ay malapit na, kaya kayo’y magpakatino at magpigil sa sarili alang-alang sa inyong mga panalangin.” Gayon pa man, maraming Cristiano ang nananalangin lang kung nasa pagsamba sa araw ng Linggo.

Dapat maging ugali na ng bawat Cristiano ang pananalangin tulad ng itinuro ng Panginoon para mapanatili ang pananampalataya at hindi matukso. Kung hindi kayo mananalangin, mahirap mapanatili ang pananampalataya at maabot ang kaligtasan dahil laganap ang kasalanan at kasamaan sa mundo ngayon. Kaya ang pananalangin ay dapat laging gawin ng mga Cristiano, hindi kung kailan lang gusto o maisipan. Kung wala ito, hindi sila magtatagumpay sa mundo.

Ang panalangin ay paghinga ng espiritu, ito ay paraan ng pakikipag-usap sa Diyos. Ito ay paraan para malaman ang tungkol sa espirituwal na mundo at maging espirituwal. May ilan sa inyong naglilingkod sa iglesya ng buong sipag, gayon pa man, hindi nananalangin. Hindi pwedeng sumagana ang espiritu ninyo. Kaya, suriin ninyo kung hindi kayo humihinto sa pananalangin, manangis kayo nang buong puso habang nananalangin.

## 3. Gaanong kabutihan ba ang ginagawa ninyo?

Kung pinagsisikapan ninyong maabot ang layunin ninyo habang nananalangin ng maalab, suriin din ninyo kung gaanong kabutihan ang ginagawa ninyo sa buhay ninyo. Maraming mananampalataya ang nagsisikap na hindi gumawa ng masama at nagwawaksi ng kasalanan para mapabanal. Pero kulang sila sa interes at pagpupursigi sa paggawa ng ‘kabutihan’. Kapag masigasig kayo sa paggawa ng kabutihan, mas madaling maging espirituwal.

Magkaiba ang sumusubok na gumawa ng mabuti at ang gumagawa na ng mabuti. Ipagpalagay nating may dalawang anak ang isang ina. Mabait sila pareho, ang isa nagsisikap na hindi mapagalitan ng nanay, ang isa naman ay nagsisikap na magbigay ng lugod sa kanya. Paglaki nila, mas magiging mabuti at mas mamahalin ng ina ang pangalawa.

Ganito dapat ang pagmamahal natin sa Diyos. Masigasig natin Siyang hanapin. Mababasa sa Kawikaan 8:17, “Iniibig Ko silang sa Akin ay umiibig, at Ako’y natatagpuan ng humahanap sa Aking masigasig.”

Dapat nating pangalagaan ang puso natin para maging mabuti ito at gumawa ng kabutihan. Mag-ipon tayo ng mga mabubuting gawa tulad ng pagbibigay at paglilingkod. Pinakamahalaga sa lahat, itanim natin dito ang pag-ibig.

Mahalaga din na hanapin natin ang makakabuti sa ibang tao, maglingkod, at magsakripisyo para sa kanila. Kung komportable at masaya na ang mga tao sa paligid dahil sa kabutihan natin, masasabi na nating gumawa tayo ng ganap na kabutihan.

May mabangong samyo mula sa espiritu ang kabutihan kahit parang hindi gaanong mahalaga ito kung titingnan. Pero kahit banggitin at pag-usapan ang tungkol dito ngunit hindi isinasagawa, wala itong bango. Ang kabutihan ay hindi nagmumula sa masusing pag-uusap o pag-aaral, nanggagaling ito sa puso, at pagkatapos, lumalabas sa mga gawa. Habang ginagawa ito, lumalago din at lumalalim. Nagpapatuloy ang paglago nito sa ganitong paraan.

Tandaan natin na hindi tayo dapat huminto sa antas na napipilitan na gumawa ng kabutihan batay sa mga natutuhan, o makuntento dahil nakagawa ng kabutihan. Magsikap tayong makamit ang tunay na kabutihan na nagmumula sa kaibuturan ng puso.

Ngayon, suriin ninyo kung napipilitan lang kayong gumawa ng kabutihan batay sa nalalaman ninyo tungkol sa katotohanan o kung gusto talaga ninyo ang kabutihan nang taos-puso at sumasaya kayo kung ginagawa ninyo ito.

# "Bumuti ang paningin ko dahil sa makapangyarihang panalangin!"



Pastor Hyunkwon Joo, 61 taong gulang, nagpapastor sa ika-3 malaking parokya, Korea

Magmula noong tanggapin ko ang Panginoon, hindi ko na kinailangang magpatingin sa duktor at uminom ng gamot sa loob ng 35 taon. Pero, ang problema, nagsimulang lumabo ang mga mata ko bago matapos ang taong 1996. Noong taong 2000, kinailangan kong magsuot ng salamin dahil ang grado ng mga mata ko ay 0.5/0.3.

Habang papalapit ang retreat sa tag-init ng Manmin para sa taong ito, naghanda ng mga handog ang nanay kong si Punong Diakonesa Jeongsoon Lee, para sa paggaling ng mata niyang bulag at tinanggap ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Habang nananalangin si Dr. Lee, sinabi ng nanay ko na isinabay niya sa panalangin ang malabo ko paningin.

Nanaginip ako noong isang gabi tungkol sa retreat noong Agosto 3. Sa panaginip, nakita kong natanggal ang ugat ng pigsa sa kinalalagyan nito. Naalala ko si Dr. Lee na sinabing, "Ang makapangyarihang pagkilos ay mas malakas sa taong 2014 kaysa sa mga nakaraang taon." Kaya sumama ako dito nang may malaking inaasahang biyaya sa espiritu at katawan.

Sa unang gabi ng retreat, umambon habang nagseseminar. Lumabo ang salamin ko dahil sa ambon kaya hinubad ko ito, at nagpatuloy sa pakikinig ng mensahe. Bigla na lang luminaw ang mga bagay sa harapan ko na dati ay malabo. "Aba! Bumuti ang paningin ko!" Kumuha ako ng tarheta sa pitaka ko at sinubukang basahin ito. Nababasa ko na kahit maliliit na letra!

Sa sumunod na pagpupulong na may banal na pagpapagaling, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee habang nakapatong ang mga kamay ko sa mga mata ko. Mas bumuti pa ang paningin ko kaya nakasali ako sa karera sa palaro nang walang salamin. Nakapagmaneho pa ako ng walang salamin pauwi kahit gabi at umuulan. Hellelujah!

# "Gumaling ang lahat ng karamdaman ko sa Manmin! Damang-dama ko ngayon ang mainit na pag-ibig ng Diyos!"



Ms. Lilou Huong, 43 taong gulang, France

Walang relihiyong nakaantig ng damdamin ko kahit maraming tao na ang nagbahagi sa akin ng iba't ibang relihiyon at pananampalataya. Pero ibinahagi sa akin ng kaibigan kong si Janet ang tungkol sa Manmin Central Church kaya pinanood ko ang magdamag na pagsamba tuwing Biyernes sa internet.

Hinaplos ang puso ko ng sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, pinuspos ako nito ng Banal na Espiritu. Nagalak din ako sa mga pagpupuri. Pagkatapos, sumali ako sa pagsamba sa araw ng Linggo at magdamag na pagsamba tuwing Biyernes bawat linggo at nanalangin sa pulong panalanging Daniel tuwing gabi. Nakadama ako ng tunay na kaligayahan.

Noong Hunyo 26, 2014, nagpunta ako sa Korea para makibahagi sa seminar para sa mga lider. Dumalo ako at ang ilang miyembrong mula sa France ng magdamag na pagsamba tuwing Biyernes sa Manmin Central Church sa Seoul at pagkatapos nakita namin si Dr. Lee ng malapitan! Nakita ko ang kanyang maaliwalas na mukha at ngiti, kinamayan ko pa siya. Nang sandaling iyon, uminit ang katawan at puso ko, nadama kong gumaling ang sugatang puso ko. Umapaw ang luha ng kaligayahan sa mukha ko.

Kinabukasan, nangati ang kaliwang tainga ko habang nag-aagahan kami ni Janet, nilinis ko ito. May mga natanggal na langib, naging napakakinis. Napakalambot na nito.

Sa katunayan, limang taon na akong may eksema sa kaliwang tainga. Palagi kong ginagalaw ito dahil makati, kaya nagdudugo ito at nagkakaroon ng nana. Namamaga din ang kaliwang eardrum ko. Naaapektuhan ng impeksyon ang mga ugat na kadugtong ng kaliwang gilagid kaya may impeksyon din ako dito. Ang kanang tainga ko naman ay may luga kaya namamaga din ito, nilalagyan ko ito ng bulak. Nawawala ang sakit kung pinapahiran ko ng gamot pero hindi ito nagtatagal, bumabalik din.

Nang mabalitaan ko ang tungkol sa Manmin Central Church, hindi na ako gumamit ng gamot. Sa halip, winiwisikan ko ng kapangyarihan ng Diyos sa Muan Sweet Water ang tainga ko, at unti-unting nawala ang sakit. Pero nang makipag-kamay ako kay Dr. Lee, nawalang lahat ang sakit ko, ang luga sa kanang tainga, eksema sa kaliwang tainga, at impeksyon sa kanang gilagid. Hallelujah!

Hindi pa ito ang katapusan ng mga biyaya. Sa totoo lang, napwersa ang kaliwang bukong-bukong ko sa isang aksidente. Dahil dito, nagbaksyon ako ng limang buwan mula sa trabaho. May nararamdaman pa rin akong sakit at hirap kapag lumalakad, kahit noong paalis kami papuntang Seoul. Gayon pa man, nang sumunod na araw pagkatapos kong makamayan si Dr. Lee, nawala na ang problema ko kahit may mataas na takong ang sapatos kong suot ng isang buong araw.

Noong Agosto 2014, nakaranas muli ako ng kamangha-manghang pagkilos ng Diyos sa seminar sa retreat. Tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee habang nakalapat ang kamay ko sa dibdib ko dahil marami pa akong karamdaman, may 'varicose veins' ako, mga masasakit na kalyo sa paa, madalas makalimot, at may pangangati.

Nagka-'varicose veins' ako pagkatapos kong ipanganak ang bunso ko ilang taon na ang nakalipas. Napakalaki nito kaya ayaw kong magsuot ng palda para hindi makita ng ibang tao. Nakatayo ako nang buong araw sa trabaho, kaya lalo itong sumasakit. Umiinom ako kung minsan ng pampatanggal ng sakit o kaya naglalagay ng benda sa binti para mabawasan ang sakit. Kapag nakatayo ako ng mahigit sa apat na oras, namamaga ang mga binti ko, hindi dumadaloy ng maayos ang dugo ko. Dapat kong itaas ang mga paa ko kapag natutulog o nagpapahinga. Inirekomenda sa akin ng doktor na paoperahan ko ito para magamot.

Gayon pa man, sa retreat sa taong 2014, lubos ang paggaling ko dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Malamig ang pakiramdam ko habang ang puso ko ay mainit. Tumulo ang luha ng kasiyahan at malaking kapayapaan ang dumating sa kalooban ko. Pinagmasdan ko ang mga binti ko, nawala na ang mga sintomas sa kaliwang binti at may kaunti pa sa kanan, pero hindi nagtagal, nawala na rin ito.

Lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay para sa Diyos na nagpagaling sa akin. Nagpapasalamat din ako kay Dr. Lee dahil pinalaki niya ako sa katotohanan at pinanalangin ako.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714